SJIF Impact Factor (2023): 8.574| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 8 | Issue: 6 | June 2023 - Peer Reviewed Journal

# GRAMAFIL APP BILANG INTERBENSYON SA PAGPAPAUNLAD NG KAKAYAHANG PANGGRAMATIKA NG MGA MAG-AARAL SA IKASAMPUNG BAITANG

**Adela P. Sacay**

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra13501**
**DOI No: 10.36713/epra13501**

**ABSTRACT**

*Isa sa tuon ng kasalukuyang kurikulum ay ang malinang ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral. Pokus ng pag-aaral na ito ang mga kompetensing panggramatika sa unang markahan na kabilang sa Most Essential Learning Competencies o MELCs. Mahalaga ang pagsipat sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral upang matugunan ang anumang gap at makabuo ng angkop na dulog upang maiangat ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral. Ang pagkatuto sa gramatika ng mga mag-aaral ay kapaki-pakinabang upang lalo pa nilang mapaunlad ang pagsulat at pagsasalita tungo sa mahusay na kakayahang komunikatibo. Nilayon ng pag-aaral na ito na tukuyin ang antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang, nailarawan ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa bawat kompetensi, Matukoy ang bisa ng GramaFil App sa pagpapaunlad ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang at kung may makabuluhan bang pagkakaiiba sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang GramaFil App. Gumamit ng deskriptibong pamamaraan sa pag-aaral na ito. Batay sa resulta ng isinagawang pag-aaral natuklasan na sa kabuuan, umangat mula sa katamtaman tungo sa mataas na antas ang antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral gamit ang GramaFil App. Nagpapatunay ito na mas ganap na nauuwaan ng mga mag-aaral ang aralin sa gramatika gamit ang GramaFil App, Samantalang ang kompetensi namang may mababang antas ay umangat sa mataas na antas. Kaugnay nito, upang lalo pang mapaunlad ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, inirerekomenda ng mananaliksik na ipagpatuloy ang paggamit ng GramaFil App hindi lamang bilang interbensyon kundi bilang kagamitang pampagtuturo sa Filipino.*

## I.INTRODUKSYON

Nararapat na maging inobatibo ang guro at sumabay sa pag-usbong ng makabagong paraan ng pagkatuto. Isa sa kinakailangang gawan ng inobasyon ay ang pagtuturo ng gramatika. Pokus ng kasalukuyang kurikulum na makatugon sa pangunahing layunin ng pag-aaral ng Filipino ang makalinang ng isang buo at ganap na Filipinong may kapaki-pakinabang na literasi. (DepED Curriculum Guide 2016).Kasabay nito ang digital literasi na kinakailangan ding malinang.

Sa kasalukuyan, itinuturo ng mga guro sa Filipino ang gramatika alinsunod sa nakasaad sa Most Essential Learning Competencies o MELCs gamit ang mga sangguniang 'learning activity sheets" , Pivot Module at iba pang mga sangguniang aklat sa Filipino. Bagaman sanay na ang mga mag-aaral sa ginagamit na kagamitang panturo mas mainam na maging malikhain, mapamaraan at maging inobatibo ang guro upang makaagapay sa kasalukuyang kalagayang pang-edukasyon at matugunan ang kakulangan ng kasanayan ng mga mag-aaral sa larangan ng gramatika.Pinatunayan ito ni Misa (2021) sa kanyang pag-aaral. Binanggit niya na mainam na pag-ibayuhin ng mga guro sa Filipino na maging mapamaraan at malikhain , pagtuturo ng wasto at angkop na gamit ng salita sa loob ng pangungusap upang malinang sa kanila ang kawastuan sa gramatikang Filipino nang magamit nila ito nang maayos sa kanilang pagsasalita at pagsulat.Mahalagang malinang ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral dahil kinakailangan ito upang magkaroon sila ng kakayahang pangkomunikatibo.Kaya naman sa binagong kurikulum patuloy na binigyang tuon ang mga kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral upang magkaroon sila ng kasanayan sa paggamit ng wika na magagamit nila sa pakikipagtalasatasan , pagbuo ng mga sulatin at mga akademikong diskurso. Binanggit ito ni Lachica(1999) sa kanyang pag-aaral na mahalaga ang ginagampanan ng gramatika sa pagpapahayag .Pinatunayan ito nina Resuello at Funclara (2021) sa kanilang pag-aaral na ang pagtuturo sa mga mag-aaral ng mga tuntunin ng wika ay tungo sa malinaw at maayos na pagsusulat at pagsasalita.

Kinakailangang ang bawat guro ay may kanya-kanyang paraa upang maihatid sa mga mag-aaral ang pagkatuto na kinakailangan nilang matamo. Mahalaga ang pagiging malikhain ng guro upang makapagbigay ng angkop na kaalamang nararapat para sa mga mag-

SJIF Impact Factor (2023): 8.574| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 8 | Issue: 6 | June 2023 - Peer Reviewed Journal

aaral. Kasabay ng pag-usbong ng mga social media sites, ay kailangang makaagapay ang guro at maging inobatibo sa paghahatid ng pagkatuto sa mga mag-aaral lalo na ngayong panahon ng ika-21 siglo . Nararapat lamang na taglay ng mga guro ang mga kasanayan sa ika-21 siglo upang makasabay sa mga mag-aaral ng ika-21 siglo.

Mahalagang bigyang tuon ang pagtuturo ng gramatika sa kasalukuyan .Nakasaad sa Deped Order No. 34 s. 2022 ,na patuloy na gagamitin ang MELC o Most Essential learning competencies sa taong panuruan 2022-2023.Sa unang markahan ay may limang mahalagang kompetensi sa gramatika na kailangang malinang sa mga mag-aaral. Dapat itong mabigyan ng tuon upang matugunan ang kasalukuyang kakulangan may kinalaman sa usaping panggramatika.Batay sa pag-aaral na isinagawa nina Hyati et. al (2015) napatunayan na may malaking kontribusyon ang kakayahang panggaramatika sa kakayahan sa pagsasalita ng mga mag-aaral.Sa pag-aaral na ginawa ni Aniciete (2019) nabatid na maganda ang naidudulot ng pagsasanay panggramatika sa pagsulat ng konseptong papel ng mga mag-aaral. Nakita na mas napaunlad ng mga mag-aaral ang kanilang kasanayan sa gramatika sa pamamagitan ng pagsasanay .

Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay magiging batayan sa pagbuo ng "GramaFil App" na siyang interbensyon upang mapaunlad ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang. Ito ay isang aplikasyong kinalalagyan ng mga aralin sa gramatika na maaaring ipasa ng guro sa tablet ng mga mag-aaral na magagamit kahit na hindi nakakonekta sa internet .Mayroon itong interaktibong pagsusulit na kagigiliwang laruin ng mga mag-aaral habang natututo sa gramatika. Naniniwala ang mananaliksik na kinailangang sumabay sa kasalukuyang pagbabago upang ganap na matuto ang mga mag-aaral sa paraang kinagigiliwan nila. Nabanggit sa pag-aaral ni Resuello at Funclara (2021) na ang pagbibigay ng mga pagsasanay sa gramatika ay lubhang nakatutulong upang ganap na matutuhan ang mga tuntunin ng wikang pinag-aaralan. Ang pag-aaral nito ay nagbigay ng kaalaman sa mga guro sa kasanayang panggramatika ng mga mag-aaral at nang mabigyang tuon ang mga kompetensi na hindi ganap na natutuhan at mabigyan ng kaukulang lunas at mabigyang diin sa pagtuturo. Magagabayan din ang mga guro sa pagbuo ng "GramaFil App" na siyang gagamitin upang lalo pang malinang ang kakayahang panggramatika at kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral.

Ang mga mag-aaral ng Pag-asa National High School na nasa ikasampung baitang ay isa sa nakinabang sa proyekto ng lokal na pamahalaan at nabiyayaan ng tig-isang tablet na maaaring magamit ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral.Kaya naman upang maging kasiya-siya ang pag-aaral ng Filipino ay lumikha ang mananaliksik ng isang aplikasyon, ang GramaFil App na magagamit ng mga mag-aaral kahit walang internet upang mapaunlad ang kakayahang panggaramtika ng mga mag-aaral.Napatunayan ito sa isinagawang pag-aaral ni Nonggod (2021) na may makabuluhang epekto ang "Basa-Pang-unawa App" bilang interbensyon sa pagkatuto sa pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

## III. MGA TANONG PAMPANANALIKSIK

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong mapaunlad ang kakyahang panggramatika ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang at nilalaayong masaagot ang sumusunod na tanong:

1.Ano ang antas ng kakayahang panggramatika sa bawat kompetensi ng mga Mag-aaral sa ikasampung baitang sa unang Markahan taong panuruan 2021-2022?
2. Gaano kabisa ang GramaFil App sa pagpapaunlad ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang?
3. May makabuluhan bang pagkakaiba sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang GramaFil App?

## IV. SAKLAW AT LIMITASYON

Ang pag-aaral na ito ay nakapokus lamang sa paggamit ng GramaFil App bilang interbensyon sa pagpapaunlad ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral.Ginamit na tagatugon ang mga mag-aaral sa ikasampung baitang ng pangkat Aguinaldo sa Mataas na Paaralan ng Pag-asa. Binubuo ng apatnapu't anim (46) na mga mag-aaral.

## V. PAMAMARAAN

### A. Sampling

Gumamit ng purposive sampling technique sa pag-aaral na ito na kinabibilangan ng mga mag-aaral mula sa ikasampung baitang pangkat Aguinaldo.Ang purposive sampling technique ay isang di-posibilidad na sample na pinili batay sa mga katangian ng isang populasyon at ang layunin ng pag-aaral.

### B. Pangangalap ng Datos

Sa pangangalap ng datos , humingi ng pahintulot sa pagsasagawa ng pag-aaral sa mga mag-aaral ng baitang Aginaldo sa pamamagitan ng pagbibigay ng liham pahintulot na nilagdaan ng mga magulang at mag-aaral .Naghanda ang mananaliksik ng talatanungan para sa mga respondente.

Ginamit na instrumento ang mga pagsusulit sa gramatika na ibinatay sa kompetensi mula sa MELCs o "Most Essential Learning Competencies".Bumuo ng sampung tanong sa bawat kompetensi na may kabuuang bilang na limampung aytem at lahat ng pagsusulit ay pagpipili-pili o *multiple choice.* Kinuha ang iskor ng mga mag-aaral sa limang kompetensi sa unang markahan na nagsisilbing datos

SJIF Impact Factor (2023): 8.574| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 8 | Issue: 6 | June 2023 - Peer Reviewed Journal

sa pagkuha ng antas ng kakayahang panggramatika sa Filipino ng mga mag-aaral. Gumawa din ng sarbey kwestyuneyr sa mga mag-aaral ng pangkat Aguinaldo hinggil sa antas ng kahirapan
Ibinatay ang ginawang app sa naging resulta ng pagsusulit. Ang mga tanong ay sinagutan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng quiz app at ang mga tanong ay katulad ng mga tanong sa mga pagsusulit sa gramatika. Gumawa din ng sarbey kwestyuneyr sa pagtataya ng nabuong app na binubuo ng sampung tanong upang malaman ang kalakasan at kahinaan ng nasabing aplikasyon.

**C. Etikal na Isyu**

Bago isinagawa ang pagsusulit sa mag mag-aaral ay tinaya
ng mananaliksik na balido ang mga tanong .Isinagawa ang pagsusuri ng mga aytem ng mga guro sa Filipino upang matiyak ang balidasyon ng pagsusulit.

**D. Pag-aanalisa ng Datos**

Sa pagtukoy sa antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang pangkat Aguinaldo kinuha ang mean at SD ng resulta ng isinagawang pagsusulit .Gumamit ng limang puntong iskala na may deskripsyong lubhang mababa, mababa , katamtaman mataas at napakataas. Gumamit din ng sarbey kwestyuneyr upang matukoy ang antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa bawat kompetensi gumamit ng ng limang puntong iskala na may deskripsyong napakahirap , mahirap , katamtaman . madali at napakadali.

## VI. PRESENTASYON, PAG-AANALISA, AT INTERPRETASYON NG DATOS

A. Paglalagom ng Natuklasan

**Talahanayan 1: Resulta ng mga Paunang Pagsusulit sa Gramatika**.

| Kompetensi | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Nagagamit nang wasto ang pokus ng pandiwa (tagaganap, layon, pinaglalaaanan at kagamitan) | 4.90 | 1.55 | Mababa |
| Nagagamit ang angkop na mga piling pang-ugnay sa pagsasalaysay | 6.54 | 1.16 | Katamtaman |
| Nagagamit ang angkop na mga pahayag sa pagbibigay ng sariling pananaw. | 6.50 | 1.53 | Katamtaman |
| Nagagamit ang angkop na mga hudyat sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari | 6.17 | 1.87 | Katamtaman |
| Nagagamit ang angkop na mga panghalip bilang panuring sa mga tauhan | 7.02 | 1.78 | Mataas |
| Nagagamit ang angkop na mga panghalip bilang panuring sa mga tauhan | 7.02 | 1.78 | Mataas |

**Weighted Mean-6.23**
**Overall SD-1.91**
**Interpretasyon-Katamtamang antas**

SJIF Impact Factor (2023): 8.574| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 8 | Issue: 6 | June 2023 - Peer Reviewed Journal

Ang Talahanayan I ay resulta ng mga isinagawang pagsusulit sa gramatika sa unang markahan. Batay sa isinagawang pagsusulit nasa katamtaman ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral batay sa resulta ng mga isinagawang pagsusulit sa gramatika sa unang markahan na may weighted mean na 6.23 at overall SD na 1.91 na may berbal na interpretasyon na katamtamang nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga aralin sa gramatika sa unang markahan. Sa kompetensing "nagagamit nang wasto ang pokus ng pandiwa (tagaganap, layon, pinaglalaaanan at kagamitan)" mababa ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral , na may mean na 4.90 at SD na 1.55 nagpapakita ito na hindi gaanong nauunawaan ng mga mag-aaral ang aralin sa gramatika sa komptensing ito. Ang kompetensing "nagagamit ang angkop na mga piling pang-ugnay sa pagsasalaysay" ay may mean na 6.54 at SD na 1.16 may katamtamang antas at nagpapakita na nasa katamtaman ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral . Sa kompetensing "nagagamit ang angkop na mga pahayag sa pagbibigay ng sariling pananaw" lumabas na katamtaman ang antas ng kakayahn ng mga mag-aaral ang sa gramatika na may mean na 6.50 at SD na 1.53 .Pinakikita naman ng komptensing "nagagamit ang angkop na mga hudyat sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari" na may katamtamang kakayahan ang mga mag-aaral at may katamtamang pag-unawa na may mean na 6.17 at SD na 1.87.Ang may panghuling kompetensing nagagamit ang angkop na mga panghalip bilang panuring sa mga tauhan ay nagpapakita na may mataas na kakayahan ang mga mag-aaral na may mean na 7.01 at SD na 1.78 ito ay may berbal na interpretasyon na nauunawan ng mga mag-aaral ang gramatika aralin sa sa kompetensing ito.

**Talahanayan 2. Sarbey sa antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa mga aralin sa Gramatika**

| Kompetensi | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Nagagamit nang wasto ang pokus ng pandiwa (tagaganap, layon, pinaglalaaanan at kagamitan) | 2.04 | 1.65 | Mababa |
| Nagagamit ang angkop na mga piling pang-ugnay sa pagsasalaysay | 3.52 | 1.65 | Katamtaman |
| Nagagamit ang angkop na mga pahayag sa pagbibigay ng sariling pananaw. | 2.98 | 1.65 | Katamtaman |
| Nagagamit ang angkop na mga hudyat sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari | 3.67 | 1.65 | Katamtaman |
| Nagagamit ang angkop na mga panghalip bilang panuring sa mga tauhan | 3.88 | 1.65 | Nadadalian |

**Weighted Mean-3.13**
**Overall SD-0.98**
**Interpretasyon-Katamtamang antas**

**Ang talahanayan 2 ay ang resulta ng sarbey na isinagawa hinggil sa antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa mga aralin sa gramatika.**

Sa pokus ng pandiwa lumabas na nahihirapan ang mga mag-aaral sa mga aralin sa gramatika na may mean na 2.04 at SD na 1.65.Lumabas na sa limang kompetensi ito ang kompetensing may pinakamaraming nahihirapan. Nasa katamtamang antas naman ang kompetensing" Nagagamit ang angkop na mga piling pang-ugnay sa pagsasalaysay' na may mean na 3.52 at Sd na 1.65. Gayundin ang kompetensing "nagagamit ang angkop na mga hudyat sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari" na may 3.67 at SD na 1.65 na may katamtamtamng antas .Samantalang nadadalian naman ang mga mag-aaral sa kompetensing "nagagamit ang angkop na panghalip bilang panuring sa mga tauhan" na mag mean na 3.88 at SD na 1.65. Sa kabuuan , lumalabas na nasa katamtaman ang antas ng kahirapan ng gramatika na may weighted mean na 3.13 at overall Sd na 0.98. Nagpapahiwatig lamang ito na nasa katamtamang antas ang pag-unawa sa gramatika ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang ng pangkat Aguinaldo.

SJIF Impact Factor (2023): 8.574| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 8 | Issue: 6 | June 2023 - Peer Reviewed Journal

**Talahanayan 3**
**Resulta ng Pagsusulit Gamit ang GramaFil App**

| Kompetensi | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Nagagamit nang wasto ang pokus ng pandiwa (tagaganap, layon, pinaglalaaanan at kagamitan) | 6.94 | 1.02 | Mataas |
| Nagagamit ang angkop na mga piling pang-ugnay sa pagsasalaysay | 7.00 | 1.17 | Mataas |
| Nagagamit ang angkop na mga pahayag sa pagbibigay ng sariling pananaw. | 7.63 | 1.02 | Mataas |
| Nagagamit ang angkop na mga hudyat sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari | 6.90 | 1.28 | Mataas |
| Nagagamit ang angkop na mga panghalip bilang panuring sa mga tauhan | 8.18 | 1.08 | Mataas |

**Weighted Mean-3.13**
**Overall SD-0.98**
**Interpretasyon-Katamtamang antas**

Ang talahanayan 3 ay ang resulta ng sarbey na isinagawa hinggil sa antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa mga aralin sa gramatika. Sa kompetensi tungkol sa pokus ng pandiwa lumabas na mataas ang iskor ng mga mag-aaral na may mean na 6.94 at SD na 1.02. Nasa mataas na antas ang kompetensing" Nagagamit ang angkop na mga piling pang-ugnay sa pagsasalaysay' na may mean na 7.00 at SD na 1.17. Sa pagbibigay ng sariling pananaw ay may mean na 7.63 at SD na 1.02.Gayundin ang kompetensing "nagagamit ang angkop na mga hudyat sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari" na may mean na 6.90 at SD na 1.28 na may mataas na antas . Sa kompetensing "nagagamit ang angkop na panghalip bilang panuring sa mga tauhan" na mag mean na 8.18 at SD na 1.08 may mataas na antas.

Sa kabuuan , lumalabas na umangat ang antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral pagkatapos gamitin ang GramaFil App na may weighted mean na 7.33 at overall SD na 1.21 na may deskripsyong mataas . Nagpapahiwatig lamang ito mas nauunawaan ng mga mag-aaral ng pangkat Aguinaldo ang gramatika gamit ang GramaFil App.

| **Resulta ng Sarbey sa Pagtataya ng Disenyo at Kalidad ng App** | | |
|---|---|---|
| | **Mean** | **SD** |
| Madaling idownload at iinstall ang App | 4.43 | 0.69 |
| Mabilis at madaling gamitin ang aplikasyon | 4.28 | 0.69 |
| May orihinal at malikhaing disenyo | 4.22 | 0.76 |
| Gumagana ang lahat ng mga bahagi ng App | 4.13 | 0.81 |
| Maayos at mahusay ang mga tunog na ginamit | 4.11 | 0.71 |
| Madaling nagagamit ang application sa mahusay na pag-unawa ng mga tanong | 4.67 | 0.97 |
| Malinaw at madaling nababasa ang mga salita | 4.20 | 0.75 |
| Nakahahamon ang pagsagot ng mga tanong | 4.07 | 0.77 |
| Madaling mabatid kung tama o mali ang sagot | 4.13 | 0.75 |
| Naliliang ang mabilis na pag-iisip dahil sa mga nakalahad na clues | 4.09 | 0.76 |
| **Weighted Mean/SD** | **4.2326** | **0.75** |

SJIF Impact Factor (2023): 8.574| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 8 | Issue: 6 | June 2023 - Peer Reviewed Journal

**Talahanayan 4**
Antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa paunang pagsusulit at pagsusulit gamit ang GramaFil App.

| | **Resulta ng Paunang Pagsusulit sa Gramatika sa Bawat Kompetensi** | | **Resulta ng Pagsusulit sa Gramatika sa Bawat Kompetensi Gamit ang GramaFil App** | |
|---|---|---|---|---|
| | **Mean** | **SD** | **Mean** | **SD** |
| Nagagamit nang wasto ang pokus ng pandiwa (tagaganap, layon, pinaglalaaanan at kagamitan) | 4.90 | 1.55 | 8.10 | 1.29 |
| Nagagamit ang angkop na mga piling pang-ugnay sa pagsasalaysay | 6.54 | 2.16 | 9.31 | 1.68 |
| Nagagamit ang angkop na mga pahayag sa pagbibigay ng sariling pananaw | 6.50 | 1.53 | 8.60 | 0.84 |
| Nagagamit ang angkop na mga hudyat sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari | 6.16 | 1.87 | 8.67 | 1.15 |
| Nagagamit ang angkop na mga panghalip bilang panuring sa mga tauhan | 7.02 | 1.78 | 8.46 | 0.97 |
| **Weighted Mean at SD** | 6.23 | 1.92 | 8.63 | 1.27 |
| **T Test** | 0.0007 | May makabuluhang pagkakaiba sa antas 0.05 | | |

Ang talahanayan 4 ay ang resulta ng sarbey na isinagawa hinggil s. Sa kompetensi tungkol sa pokus ng pandiwa lumabas na mataas ang iskor ng mga mag-aaral na may mean na 6.94 at SD na 1.02. Nasa mataas na antas ang kompetensing" Nagagamit ang angkop na mga piling pang-ugnay sa pagsasalaysay' na may mean na 7.00 at SD na 1.17. Sa pagbibigay ng sariling pananaw ay may mean na 7.63 at SD na 1.02.Gayundin ang kompetensing "nagagamit ang angkop na mga hudyat sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari" na may mean na 6.90 at SD na 1.28 na may mataas na antas . Sa kompetensing "nagagamit ang angkop na panghalip bilang panuring sa mga tauhan" na mag mean na 8.18 at SD na 1.08 may mataas na antas.

Sa kabuuan , lumalabas na umangat ang antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral pagkatapos gamitin ang GramaFil App na may weighted mean na 7.33 at overall SD na 1.21 na may deskripsyong mataas . Nagpapahiwatig lamang ito mas nauunawaan ng mga mag-aaral ng pangkat Aguinaldo ang gramatika gamit ang GramaFil App.

**Talahanayan 5**
**Makabuluhang pagkakaiba sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa mga paat pagsusulit gamit ang GramaFil App**

| Pagsusulit | Mean | Computed t value | P value | Analysis |
|---|---|---|---|---|
| Paunang resulta ng Pasusulit | 6.23 | 8.012 | 0.013 | Makabuluhan |
| Resulta ng pagsusulit gamit ang GramaFil App | 8.63 | | | |

**Konklusyon**

Matapos ang masusing pagsusuri sa naging resulta ng pag-aaral na ito, masasabing nalinang ang kakayahang panggramatika sa Filipino ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang pangkat Aguinaldo dahil sa mataas iskor nila sa mga isinagawang pagsusulit gamit ang GramaFil App. Mula sa paunang pagsusulit na mababa ay umangat ito sa mataas gamit ang GramaFil App.

**Rekomendasyon**

Mula sa kinalabasan ng pag-aaral iminumungkahi ng mananaliksik na patuloy na gamitin ang GramaFil App bilang interbensyon upang mapaangat ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa gramatikang Filipino . Sa isinagawang pag-aaral ng mananaliksik ay nakita ang kapakinabangan ng aplikasyong ito sa mga mag-aaral lalo na ngayong panahon na napakahalaga ng digital

literasi. Nagiging madali ang pagbukas ng mga mga-aaral ang mga araling tatalakayin sa bawat linggo at nahihikayat pagsusulit na isasagawa sa pamamagitan ng laro. Hinihikayat din ng mananaliksik na ang mga guro ay patuloy pang gumawa ng mga na makatutulong sa mga mag-aaral na maitaas ng antas ng kakayahan sa gramatikang Filipino. Minumungkahi ng mananaliksik na ipagpatuloy ang paggamit ng GramaFil App hindi lamang bilang interbensyon kundi bilang kagamitang pampagtuturo sa Filipino sa ikalawa at ikatlong markahan ng taong panuruan 2022-2023.

**Mga Sanggunian**


1. *Aniciete , Lionell (2019) . Ksanayan sa Gramatika sa Pagsulat Ng Konseptong Papel Ng Mga Mag-aaral Na Nasa Grade 11 Sa Upland Integrated National High School*
2. *Chomsky, N.(1965).Aspects of the Theory of Syntax. Cambridge , MA:MIT Press.*
3. *Hayati ,R. et.al (2015) , Linguistic Competence and Speaking Performance of English Education Study Program Students of Swirijaya University,Core.ac.uk*
4. *Lachica, V. (1999).Wika ng Retorika.Manila. MK.Imprint.*
5. *Misa , Rex. (2021), Kakayahan sa Panggramatikang Filipino ng mga Mag-aaral ng Grade 9 Laboratory High School ng Ramon Magsaysay State University, AJSSR, Volume-5, Issue-10, pp-58-68*
6. *Nonggod , Glenn (2021) Paggamit ng "Basa-Pang-unawa App" Isang Interbensyon bilang pagkatuto sa Pagganap ng mga Mag-aaral, IJRD ,*
7. *Resuello ,Marjorie, Fonclara, Rmomelyn D. (2021) ,Gramatikal na kakayahan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat sa Filipino ,psurj.org*